# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 3*

***"1 Nangyari nga, na samantalang siya'y sinisiksik ng karamihan na pinakikinggan ang salita ng Dios, na siya'y nakatayo sa tabi ng dagatdagatan ng Genezaret; 2 At nakakita siya ng dalawang daong na nasa tabi ng dagatdagatan: datapuwa't nagsilunsad sa mga yaon ang mga mamamalakaya, at hinuhugasan ang kanilang mga lambat. 3 At lumulan siya sa isa sa mga daong, na kay Simon, at ipinamanhik niya dito na ilayo ng kaunti sa lupa. At siya'y naupo at nagturo sa mga karamihan buhat sa daong. 4 At pagtigil niya ng pagsasalita, ay sinabi niya kay Simon, Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya. 5 At sumagot si Simon at sinabi, Guro, sa buong magdamag ay nagsipagpagal kami, at wala kaming nahuli: datapuwa't sa iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat. 6 At nang magawa nila ito, nakahuli sila ng lubhang maraming isda; at nagkampupunit ang kanilang mga lambat; 7 At kinawayan nila ang mga kasamahan sa isang daong upang magsilapit at sila'y tulungan. At sila'y nagsilapit at nangapuno ang dalawang daong, ano pa't sila'y nagpasimulang lulubog. 8 Datapuwa't nang makita ni Simon Pedro, ay nagpatirapa sa mga tuhod ni Jesus, na nagsasabi, Lumayo ka sa akin; sapagka't ako'y taong makasalanan, Oh Panginoon. 9 Sapagka't siya at ang lahat ng kasama niya ay nagsipanggilalas, dahil sa karamihan ng mga isdang kanilang nangahuli: 10 At gayon din si Santiago at si Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasama ni Simon. At sinabi ni Jesus kay Simon, Huwag kang matakot; mula ngayon ay mamamalakaya ka ng mga tao. 11 At nang maisadsad na nila sa lupa ang kanilang mga daong, ay iniwan nila ang lahat, at nagsisunod sa kaniya." (Lucas 5:1-11 KJV)***

Si JesuCristo sa Kanyang pagtawag kay Simon, ang nakakamanghang bagay na naganap ay isang malahimalang panghuhuli ng malaking isda. Ito ay naganap nang sinabihan ni Jesus si Simon na ***"Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya." (Lucas 5:4 KJV)*** at ito ay natupad at nagkatotoo nang si Simon at ang mga lalaki ay sumunod sa iniutos ni Jesus.

*Ang pagsunod ay naging susi upang maging maayos ang kabuhayan ni Simon sa araw na iyon, gayundin ang kanyang madaling pagsunod sa tinig ni Jesus ay nagtulak sa kanya na tumanggap ng karagdagang mga pagpapala bukod pa sa Materyal na mga bagay at gaya ng sumusunod:*

***1. Pagsisisi:*** Matapos sumunod ni Simon sa salita ni Jesus at nakahuli ng malaking isda nagawa niyang makita ang kanyang mga kasalanan gaya ng sinabi niya sa Panginoon, ***"8 Datapuwa't nang makita ni Simon Pedro, ay nagpatirapa sa mga tuhod ni Jesus, na nagsasabi, Lumayo ka sa akin; sapagka't ako'y taong makasalanan, Oh Panginoon." (Lucas 5:8 KJV)*** Ang kasalanan ni Simon ay kawalan ng pananampalataya sa Salita ng Dios ngunit bilang pagsunod niya nakita niya ng malinaw kung paanong makapangyarihan at makatotohanan ang Salita ni Jesus. *Sa parehong paraan kapag nagsimula kang sumunod sa tinig ng Dios at sa Salita sa iyo, kung gayon magagawa mong makita nang malinaw ang iyong mga kasalanan, at kung paano kapag sumunod ka, Ang pagpapala ng Dios ay dadaloy sa iyong buhay.*

***2. Ang mga espirituwal na mga kaloob upang maglingkod sa Dios:*** Ibinigay ni Jesus kay Pedro ang kaloob ng pag eevangelio upang makapamalakay ng mga tao at dalhin sila kay Cristo gaya ng sinabi Niya sa kanya, ***"At sinabi ni Jesus kay Simon, Huwag kang matakot; mula ngayon ay mamamalakaya ka ng mga tao." (Lucas 5:10 KJV)*** *Kapag sinimulan mong sumunod sa Dios, ang Panginoon ang magbibigay sa iyo ng espirituwal na mga kaloob na pumaroon at maglingkod sa Kanya nang may kaloob na ibinigay Niya sa iyo.*

***3. Buong panahon sa paglilingkod: "11 At nang maisadsad na nila sa lupa ang kanilang mga daong, ay iniwan nila ang lahat, at nagsisunod sa kaniya." (Lucas 5:11 KJV)*** Ginawang posible ng Panginoon si Simon Pedro na iwanan ang lahat at maglingkod sa Dios. *Ang lubos na pagsunod ay tutulong sa inyo na makita ang buong plano ng Dios para sa inyo. Ang ganap na pagsunod ay ang susi sa iyong kamay upang ang iyong pagnanais na mabuhay para kay Cristo at maglingkod sa Kanya ay matupad.*

Nang inutusan ng Panginoon si Pedro, ***"Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya." (Lucas 5:4 KJV)*** Ito ba ay isang madaling kahilingan o isang mahirap? Ito ay maaring madaling kahilingan dahil ito ay gawain at ang larangan ni Simon at ng kanyang mga tauhan at ginagawa nila iyon araw-araw para sa loob ng mahabang panahon. Ngunit ito rin ay maaring isang mahirap na bagay dahil si Simon at ang kanyang mga tauhan ay pagod at inaantok dahil sa buong magdamag na sila'y gumagawa at para sa kanila sa pagsunod kay Jesus ay nangangahulugang mas mahabang oras na paggawa. Bukod doon, maging sila ay pinanghihinaan ng loob at nanghihina. Kaya nang si Simon ay naharap sa utos ni Jesus, ito ay nasa kanyang kamay na sumunod, pati na rin ito ay nasa kanyang kamay na sumuway sa pagsasantabi ng utos ng Dios, Batid na batid ni Jesus ang kalagayan ni Simon na siya'y pagod, inaantok, pinanghihinaan ng loob at walang isda. At inilagay ito ni Jesus sa mga kamay ni Simon kung siya ay susunod o pagpapalain ng sagana gaya ng ating nabanggit, o isasantabi ang utos ng Dios at uuwi sa bahay nang walang laman ang kamay.

*Palagi kapag tinawag ka ng Dios, hihilingin Niya sa iyo ang isang bagay na hindi madali para sa iyo na gawin at iyon ay sumasalungat sa laman na dinadala mo at mayroon sa iyong katawan*. Nang tawagin ng Dios si Simon ang kanyang laman ay maaring sumasalungat sa utos ni Jesus, dahil sa katamaran, nais na matulog, o maging sa pagdadahilan sa kanyang sarili sa pahayag na ito, *'Bakita ako, hayaang tawagin ni Jesus ang ibang tao!* *Kung ikaw ay kikilos at mamumuhay sa ganoong paraan, sa gayon makikita mo ang iyong sarili na walang pagsulong at walang paglago sa iyong buhay dahil nagagalak ka na paunlakan ang kasinungalingan ng diablo. Maaring gamitin ni Satanas ang iyong damdamin at iyong maling pag iisip at kikilos ang mga ito upang hadlangan ka mula sa pagtugon sa pagtawag ng Dios.*

*Para sa ganitong kadahilanan kailangan mong yakapin ang utos ng Dios at isagawa ang mga ito sa iyong buhay ng buong puso maging ito'y salungat sa iyong saloobin at kaunawaan. Kapag iyon ang iyong pamantayan sa gayon mapapagtagumpayan mo at makakasulong ka.*

Ilagay ang saloobing ito sa iyong kaisipan: *Kapag tinawag ka ng Dios hihilingin Niya sa iyo na gawin ang isang bagay na madalas ay hindi ka komportable na gawin, ngunit ito ay isang bagay na posible, at batid Niya na sa huli ay magagawa mo kung gusto mo!*

Nang tinawag ng Dios si Saul upang maging hari ng Israel, ginamit ng Panginoon si Samuel upang pahiran siya. Hinulaan ni Samuel si Saul nang mga sumusunod na mga tanda na magaganap sa kanya kaagad pagkatapos niyang iwanan siya: ***"2 Paghiwalay mo sa akin ngayon, ay masusumpungan mo nga ang dalawang lalake sa siping ng libingan ni Rachel, sa hangganan ng Benjamin sa Selsah; at sasabihin nila sa iyo, Ang mga asno na iyong hinahanap ay nasumpungan na; at, narito, niwalang bahala ng iyong ama ang mga asno, at ang inaalaala ay kayo, na sinasabi, Paano ang aking gagawin sa aking anak? 3 Kung magkagayo'y magpapatuloy ka mula roon, at darating ka sa ensina ng Tabor; at masasalubong ka roon ng tatlong lalake na inaahon ang Dios sa Beth-el, ang isa'y may dalang tatlong batang kambing, at ang isa'y may dalang tatlong tinapay, at ang isa'y may dalang isang balat na sisidlan ng alak: 4 At babatiin ka nila, at bibigyan ka ng dalawang tinapay, na iyong tatanggapin sa kanilang kamay. 5 Pagkatapos ay darating ka sa burol ng Dios, na nandoon ang isang pulutong ng mga Filisteo: at mangyayari pagdating mo roon sa bayan, na makakasalubong ka ng isang pulutong na mga propeta na lumulusong mula sa mataas na dako, na may salterio, at pandereta, at flauta, at alpa sa harap nila; at sila'y magsisipanghula. 6 At ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang sasaiyo, at manghuhula kang kasama nila, at ikaw ay magiging ibang lalake. 7 At mano nawa, na pagka ang mga tandang ito ay mangyari sa iyo, na gawin mo ang idudulot ng pagkakataon; sapagka't ang Dios ay sumasaiyo." (1 Samuel 10:2-7 KJV)*** Ang lahat ng sinabi ni Samuel kay Saul ay tinupad ng Dios sa kanya, ***"9 At nangyaring gayon, na nang kaniyang matalikdan na iwan niya si Samuel, ay binigyan siya ng Dios ng ibang puso: at ang lahat na tandang yaon ay nangyari sa araw na yaon. 10 At nang sila'y dumating doon sa burol, narito, isang pulutong na mga propeta ay nasasalubong niya; at ang Espiritu ng Dios ay makapangyarihang suma kaniya, at siya'y nanghula sa gitna nila. 11 At nangyari nang makita siya ng lahat na nakakakilala sa kaniya nang una, na, narito siya'y nanghuhulang kasama ng mga propeta, ay nagsalisalitaan ang bayan, Ano itong nangyari sa anak ni Cis? Si Saul ba ay nasa gitna rin ng mga propeta?" (1 Samuel 10:9-11 KJV)*** Kaya nang ang lahat ng ito ay natupad si Saul ay nakatiyak na ang Dios ay sumasakanya.

Naunang sinabi ni Samuel kay Saul na ingatan at sundin ang sumusunod: ***"8 At ikaw ay lulusong na una sa akin sa Gilgal; at, narito, lulusungin kita, upang maghandog ng mga handog na susunugin, at maghain ng mga hain na mga handog tungkol sa kapayapaan: pitong araw na maghihintay ka, hanggang sa ako'y pumaroon sa iyo, at ituro sa iyo kung ano ang iyong gagawin." (1 Samuel 10:8 KJV)*** Ang utos ng Dios kay Saul ay sa pamamagitan ni propetang si Samuel ay mukhang madali at payak na gawin. Kung may ibang tao na sasabihin na yumaon sa isang lugar na batid mo at hintayin siya doon ng pitong araw hanggang siya ay dumating upang sabihin sa iyo kung anong gagawin, iyon ay simpleng bagay na dapat gawin.

Tunay na si Saul ay pumaroon at nanatili sa Gilgal nang pitong araw, at ang sumusunod na mga pangyayari ay naganap: ***"5 At ang mga Filisteo ay nagpupulong upang lumaban sa Israel, tatlong pung libong karo, at anim na libong mangangabayo, at ang bayan na gaya ng buhangin na nasa baybayin ng dagat sa karamihan: at sila'y umahon at humantong sa Michmas sa dakong silanganan ng Beth-aven. 6 Nang makita ng mga lalake ng Israel na sila'y nasa kagipitan, (sapagka't ang bayan ay napipighati) ang bayan nga ay nagkubli sa mga yungib, at sa mga tinikan, at sa mga bato, at sa mga katibayan, at sa mga hukay. 7 Ang iba nga sa mga Hebreo ay tumawid sa Jordan na patungo sa lupain ng Gad, at ng Galaad; nguni't si Saul ay nasa Gilgal siya, at ang buong bayan ay sumunod sa kaniya na nanginginig. 8 At siya'y naghintay ng pitong araw, ayon sa takdang panahon na itinakda ni Samuel: nguni't si Samuel ay hindi naparoon sa Gilgal; at ang bayan ay nangangalat sa kaniya." (1 Samuel 13:5-8 KJV)*** Ngayon nang sabihin ni Samuel kay Saul na pumaroon sa Gilgal at maghintay sa kanya ng pitong araw hanggang siya'y dumating, ang lahat ng nasa itaas na mga pangyayari ay wala sa isip ni Saul na magaganap, at kaya naman ito'y maaring naging madali na sumunod sa mga utos ng Dios na tinanggap niya sa pamamagitan ni Samuel, ngunit ngayon ang sumusunod ay naganap nang hindi inaasahan sa palibot ni Saul:

***A. "At ang mga Filisteo ay nagpupulong upang lumaban sa Israel, tatlong pung libong karo, at anim na libong mangangabayo, at ang bayan na gaya ng buhangin na nasa baybayin ng dagat sa karamihan: at sila'y umahon at humantong sa Michmas sa dakong silanganan ng Beth-aven." (1 Samuel 13:5 KJV)*** Ang kaaway sa malaking pulutong ay nagpulong laban sa kanya, at iyon ay nagpatakot sa kanya. *Nang ipinangako mo ang iyong sarili sa Panginoon ang kaaway ay maaring magpulong sa palibot mo upang matakot ka at hadlangan ka sa pagsunod sa Dios. Kaya magtiis at labanan siya sa pananampalataya.*

***B. "6 Nang makita ng mga lalake ng Israel na sila'y nasa kagipitan, (sapagka't ang bayan ay napipighati) ang bayan nga ay nagkubli sa mga yungib, at sa mga tinikan, at sa mga bato, at sa mga katibayan, at sa mga hukay." (1 Samuel 13:6 KJV)*** Ang lahat ay natatakot at tumakbo para sa kanyang buhay at iniwan si Saul sa gitna na nag iisa. Isipin ang nararamdaman niya! *Sa panahon ng mga problema makikita mo na ang mga tao ay mangangalat mula sa iyo, ngunit tandaan din na ang Panginoon ay nariyan sa tabi mo upang itaguyod ka at suportahan ka. Hindi ka Niya iiwan o pababayaan.*

***C. "7 Ang iba nga sa mga Hebreo ay tumawid sa Jordan na patungo sa lupain ng Gad, at ng Galaad; nguni't si Saul ay nasa Gilgal siya, at ang buong bayan ay sumunod sa kaniya na nanginginig." (1 Samuel 13:8 KJV)*** Ang ibang mga tao ay lalayo sa isang mas komportableng dako habang si Saul ay kailangang manatili sa Gilgal kung saan ang panganib ay napakalapit at nakapalibot. *Alalahanin rin na ang mga tao ay palaging mag iisip ng tungkol sa kanilang laman at kung paanong tatakasan ang kanilang mga pananagutan na nakaatang sa kanila na gawin. Kaya, huwag sundan ang gayong masamang halimbawa, kundi magpatuloy sa iyong pangako at kung anong kailangan mong gawin para sa Dios at tuparin ang iyong mga takdang gawin patungo sa Kanya.*

***D. "8 At siya'y naghintay ng pitong araw, ayon sa takdang panahon na itinakda ni Samuel: nguni't si Samuel ay hindi naparoon sa Gilgal; at ang bayan ay nangangalat sa kaniya." (1 Samuel 13:8 KJV)*** Sa Samuel ay nagluwat, at ngayon maging ang malalapit na mga

tauhan ni Saul at malapit mga kawal ay nagsimulang mangalat. Alalahanin na si Jesus ay nag iisa sa krus, lahat ng Kanyang mga alagad ay nangalat at iniwan siya, ngunit nanagumpay Siya sa laban para sa atin upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Sa parehong paraan, kahit na ikaw ay nag iisa, huwag matakot at huwag panghinaan ng loob, ang Dios ay nasa tabi mo at inaalalayan ka upang manaig sa labanan.

Binago ng Dios ang puso ni Saul, ngunit nasaksihan ni Saul ang lahat ng mga nasa itaas na mga pangyayari, at kalaunan ginawa niya ang sumusunod: ***"9 At sinabi ni Saul, Dalhin dito sa akin ang handog na susunugin, at ang handog tungkol sa kapayapaan. At kaniyang inihandog ang handog na susunugin." (1 Samuel 13:8 KJV)*** Nabigong gawin ni Saul ang wastong gawain na iniutos ni Samuel sa kanya. Siya ay naghintay ng pitong araw sa Gilgal, ngunit hindi siya naghintay nang sapat sa pagdating ni Samuel at sabihin sa kanya ang kinakailangang gawin. Sinabi ni Samuel sa kanya, ***"8 At siya'y naghintay ng pitong araw, ayon sa takdang panahon na itinakda ni Samuel: nguni't si Samuel ay hindi naparoon sa Gilgal; at ang bayan ay nangangalat sa kaniya." (1Samuel 13:8 KJV)*** Ngunit sa lahat ng mga pangyayari na naganap sa palibot ni Saul ay huli at dahil sa takot siya'y nagpasya at hindi iningatan ang mga utos ng Dios. Dahil sa nangyari si Saul ay maaring nagduda sa Salita ng Dios na tinanggap niya at sa huli'y ginawa niya ang sumusunod: ***"10 At nangyari, na pagkatapos niyang maihandog ang handog na susunugin, narito, si Samuel ay dumating; at lumabas si Saul na sinalubong siya upang bumati sa kaniya." (1 Samuel 13:10 KJV)*** Iningatan ni Samuel ang Salita ng Dios at dumating sa tamang oras ng nais sa kanya ng Dios upang makarating kay Saul. Nakarating si Samuel sa larangan ng digmaan upang salubungin si Saul. Hindi siya natakot sa mga Filisteo. Nagkalat ang mga tao at ang mga kawal palayo sa larangan ng digmaan ngunit tinupad ni Samuel ang kanyang pangako at sumalubong kay Saul. Ang iba pang mga Israelita ay umalis sa kanilang mga lungsod at nagpunta sa mas ligtas na lugar ngunit sinunod ni Samuel ang Salita ng Dios at nakarating kay Saul sa tamang oras. Samakatuwid, namangha si Samuel sa ginawa ni Saul, at ang sumusunod na talakayan ay nangyari sa pagitan nila, ***"11 At sinabi ni Samuel, Ano ang iyong ginawa? At sinabi ni Saul, Sapagka't aking nakita na ang bayan ay nangangalat sa akin, at hindi ka dumarating sa mga takdang araw, at ang mga Filisteo ay nagpupulong sa Michmas; 12 Kaya aking sinabi, Ngayo'y lulusungin ako ng mga Filisteo sa Gilgal, at hindi ko pa naipamamanhik ang kagalingan sa Panginoon: ako'y nagpumilit nga at inihandog ko ang handog na susunugin. 13 At sinabi ni Samuel kay Saul, Gumawa kang may kamangmangan; hindi mo ginanap ang utos ng Panginoon mong Dios na iniutos niya sa iyo: sapagka't itinatag sana ng Panginoon ang kaniyang kaharian sa Israel magpakailan man." (1 Samuel 13:11-13 KJV)*** Si Saul ay sinaway para sa kanyang mga pagkukulang.

At ilan ay nagsasabi na maaring si Saul ay naghintay ngunit si Samuel ay hindi dumating at ang kanyang ginawa ay mabuti, at kahit paano hinanap niya ang lingap ng Dios. Hindi iyon tama. Si Saul ay sinaway dahil nakita niya ang lahat ng mga bagay sa isang negatibong paraan; nakita niya ang mga Filestino nangapulong laban sa kanya, nakita niya si Samuel na huling dumating, nakita niya ang mga Israelita na lumayo mula sa kaaway at ang kanyang mga kawal ay nangagkalat, ngunit siya ay nabigong makita na ang Dios ay sumasa kanya, at nabigo niyang maunawaan na ito ay mas ligtas at mas mabuting sumunod sa Salita at utos ng Dios. Nang si Saul ay nabigong makita na ang Dios ay sumasa kanya, ang kanyang maling pag iisip ay nagtulak sa kanya na suwayin ang Dios at nagpatuloy sa paggaa ng kanyang sarili.

Sinubok si Saul sa simpleng utos na iyon ng Dios sa pamamagitan ni Samuel, gaya ni Simon na initusan ng Salita ni Jesus na ***"Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya." (Lucas 5:4 KJV)*** Maaaring hindi komportable si Saulo sa itinuro sa kanya, ngunit posible niyang sundin at malagpasan ng matagumpay ang mga pagsubok na iniutos ng Dios para sa kanya.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Huwag tingnan ang mga bagay na sa isang negatibong paraan gaya ni Saulo na nakita ang mga Filesteo nangapulong laban sa kanya, nakita niya ang mga Israelita na lumayo mula sa mga kaaway, at ang kanyang mga kawal ay nangagkalat, ngunit nabigo niyang maunawaan na ito ay mas ligtas at mas mabuting sundin ang Salita at utos ng Dios. Alalahanin kapag nabigo mong makita na ang Dios ay suma saiyo, ang iyong maling mga kaisipan ay magtutulak sa iyo na suwayin ang Dios at susulong na gawin ang iyong pansarili.

Ngunit sa halip ay tandaan ang mga sumusunod:

Kapag ipinangako mo ang iyong sarili sa Panginoon maaaring mangapulong ang kaaway sa palibot mo upang matakot ka at hadlangan ka sa pagsunod sa Dios. Kaya't magtiis at labanan siya nang may pananampalataya.

Sa panahon ng kaguluhan makikita mo ang mga tao na mangangalat sa iyo, ngunit tandaan na ang Panginoon ay nasa tabi mo upang itaas ka at alalayan ka. Hindi ka Niya iiwan o pababayaan.

Tandaan din na ang mga tao ay laging mag iisip tungkol sa kanilang laman at kung paano makatakas sa mga pananagutan na inilatag sa kanila na gawin. Samakatuwid, huwag mong tularan ang gayong masamang halimbawa, kundi magpatuloy sa iyong pangako at kung ano ang kailangan mong gawin para sa Dios at gampanan ang iyong mga atas sa Kanya.

Tandaan na si Jesus ay nag iisa sa krus, lahat ng Kanyang mga alagad ay nagkalat at iniwan siya, ngunit Siya ay nanalo sa labanan para sa atin. Sa parehong paraan, kahit na ikaw ay nag iisa, huwag matakot at huwag panghinaan ng loob, ang Dios ay nasa tabi mo at aalalayan ka Niya upang manaig sa labanan.

Ang utos ng Dios ay simple ngunit huwag hadlangan ng maraming maling pagsasaalang alang at negatibong kaisipan, sa halip ay sumulong at sumunod at mapalad.

Sinabi ni Pablo sa matatanda ng mga Taga Epeso, ***“32 At ngayo'y ipinagtatagubilin ko kayo sa Dios, at sa salita ng kaniyang biyaya, na makapagpapatibay, at makapagbibigay sa inyo ng mana sa kasamahan ng lahat na mga pinapaging banal.” (Mga Gawa 20:32 KJV)*** *Ang mismong Salita ng Dios na ito ang pagtawag ng Dios sa iyong buhay. Bibigyan ka Niya ng Kanyang Salita at tagubilin na sasalungat sa iyong laman, ngunit habang nagpasya kang sumunod sa gayon ay mapapagtagumpayan mo. Tiyak na mananaig ka at sa isang simpleng dahilan, sapagkat ang Dios ay sumasaiyo.*

Tayo ay manalangin…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*
*Tayo ay magsisi mula sa ating mga kasalanan. Panginoon ako’y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan ______________________.*

*Tayo ay magsisi sa mga kasalanan ng kawalan ng pananampalataya sa Salita ng Dios, pagsuway, naantalang pagsunod, katigasan ng ulo, at tayo ay magsisi mula sa mali at negatibong pag iisip.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking buhay at idinulot sa iyong kamay, ako ay titigil sa pagsalangsang sa iyong kalooban at sa iyong mga utos. Panginoon susunod ako sa iyong Salita at sa iyong mga utos kaagad. Panginoon bigayn ako ng pagtitiis at itaas ako ng iyong biyaya at awa upang patuloy na sumunod sa tawag na iyong itinakda para sa akin.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nakinig sa iyong Salita at handang tumalima sa iyong mga kautusan sa kanila. Panginoon dalangin ko gaya ng pagsunod nila, ipagkaloob sa kanila ang pagsisisi, materyal na pagpapala, espirituwal na mga kaloob upang paglingkuran ka at isang ministerio na magdadala ng bagong mga tao sa iyong Kaharian. Panginoon gamitin sila upang marating ang bagong mga tao at bagong mga dako para kay Cristo.*

*Panginoon pagpalain ang aming simbahan, protektahan kami at ilaan ang lahat ng aming kailangan. Panginoon puspusin kami ng iyong Banal na Espiritu at paging dapatin kami na mag ani ng bagong mga kaluluwa, pag abot sa bagong mga dako ng evangelio ng ating Panginoong JesuCristo. Panginoong paging dapatin kami na magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya, at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong JesuCristo at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 3. Lucas 5:1-11. 1 Samuel 10:2-11. 1 Samuel 13:5-13. Mga Gawa 20:32.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com